

Upang maiwasan ang paglawak ng Impeksyon

~ Para sa mga Residente ng Hokkaido at Sapporo ~

Sa kasalukuyang nagaganap na malaking paglawak ng impeksyon sa buong bansa, ang mga residente ng Hokkaido at Sapporo ay mga maunawain at nakiisa upang hindi maging mabilis ang paglawak ng impeksyon, subalit dahilan ng panibagong kumakalat na COVID variant na kung saan hindi parin nararapat maging kampante at patuloy parin ang pag aalala ng lahat na mahawahan nito

Higit dito, patuloy na mahigpit ang kalagayan ng Sistemang Medikal sa lungsod ng Sapporo na maaaring maging dahilan ng hindi pagtanggap o pag aasikaso ng mga pasyente na dulot ng sakuna o biglaang pagkakasakit.

Sa matagal na pakikibaka sa suliraling ito, ang lahat ay naging apektado. Kaya sa ngayon ang lahat ay dapat magkaisa upang malagpasan ang krisis ng bansa at ligtas na makapagpabakuna.

Para sa Residente ng Hokkaido at Sapporo, amin pong hinihiling sa bawat isa na balik tanawin ang mga ginawang pamamaraan ng paglaban sa impeksyon patuloy gawin ang mga ito upang maiwasan ang muling paglawak ng impeksyon. Muli, amin pong hinihiling ang inyong pang unawa at pakikiisa.

1 Iwasan ang pagbiyahe sa Sapporo kung walang mahalaga o emerhensyang pakay

Bago lumabas ng tahanan, suriin ang magiging kilos sa pagpunta sa pakay na lugar, alaming mabuti kung hindi magkakaroon ng peligro, Kung hindi makakaiwas sa impeksyon amin pong hinihiling na iwasang bumiyahe sa Sapporo hanggang Mayo 14.

2 Masidhing pagsasagawa ng mga Pamamaraan sa Paglaban sa Impeksyon.

Sinasabi na ang madaling makahawa ang COVID variant o bagong virus, subalit ang pamamaraan sa paglaban ay hindi naiiba sa COVID-19. Bukod sa pagsuot ng mask, paghuhugas at pag dis infect ng kamay, amin pong muling hinihiling na gawin ang mga pangunahing pamamaraan ng paglaban sa impeksyon.

3 Ugaliin ang pagkilos na makakabawas sa peligro ng impeksyon sa oras ng pagkain

Hindi maiiwasan na magtanggap ng mask sa pagkain, dahilan nito nagkakaroon ng mga droplets na magiging dulot ng mataas na peligro ng impeksyon. Kaya upang hindi magkaroon ng hawahan, ang pagkain ay gawin hanggang sa 4 na katao, maikling oras, hindi pag inom ng marami, wag magsalita nang malakas at pagsuot ng mask kung mag uusap.

北海道知事 鈴木直道

Gobernador ng Hokkaido, Naomichi Suzuki

札幌市長 秋元克広

Mayor ng Sapporo, Katsuhiro Akimoto